# HENERASYON AT WIKA: ANG PAGKUPAS

*by:*
**Grace B. Almario**

Napakabilis ng ebolusyon ng wika na tila ay sumasabay sa pagdami ng populasyon sa mundo.Sa bawat particular na panahon at nabubuo ang iba't ibang pamamaraan ng pananalita at ang napakaraming pagbabago sa paggamit ng mga salita. Samantalang ang pagsasalita ay isang napakahalagang pamamaraan ng komunikasyon na ginagamitan ng wika,malaki na ang tila ipinagbago ng kung paano ang bagong henerasyon ay gumamit ng wika.Tila hindi na rin gaanong maalam ang mga kabataan sa mga bolabularyong Filipino lalo na iyong malalalim na salita. Ito ay isang problema na dapat pagtuunan ng pansin lalo na at ang wika ay dinamiko at mabilis magbago. Wala namang masama kung mabago ito subalit nakaaalarma kung paanong ang tinatawag nilang post –millenial ay tila nawawalan na ng amor sa paggamit nito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa kasalukuyang panahon, tila ba ay normal na ang paghahalo-halo ng wika at ang pagbuo ng mga salitang ni sa hinagap ay hindi naman natin maiisip na sasalitain ng karamihan.ilan sa mga salitang ito ang " pongs' na nangangahulugang inuman sa mga kabataan.Ang ganitong salita ay hindi naman matatagpuan sa atingdiksyunaryo kung kaya't mahirap isipin kung paano naging ganito ang moda ng pagbuo ng mga salia.ganito din kaya ang progreso ng kaalaman ng kaalaman patungkol sa mga salitang ginagamit natin noon pa? Paminsan, sa isang intelektuwal na mga usapan,kapag ang isang indibidwal ay nagbanggit ng isang malalim na salita,tila ba ay manghang-mangha ang bawat isa oras na marinig ito. Madalas nga ay itatanong pa nila kung ano ang ibig sabihin ng naturang salita.kung tatayain nga,tila mas bihasa pa ang mga kabataan ngayon sa paggamit ng banyagang wika kumpara sa ating kinagisnang lenggwahe.

Kung lilimiin , ang kaalaman ay katatasan sa wika ay isang kritikal na konsepto sa makabagong henerasyon.Ang pangangalaga at pagmamahal sa wika kasi,animo'y nakalilimutan na sa ganitong panahon.Ayon kay Lacsamana( 2016 ),mas mainam na malawak ang kaalaman ng bawat isa sariling wika at dapat ay mamula ang mga sarili sa kung ano ang dapat ang gamitin at tangkiliking salitain.Ito ang nararapatlalo na at ito naman talaga dapat ang minamahal na wika. Samantalang ang pagbabago at ebolusyon ng wika ay tanda

ng mas maunlad at mas progresibong lipunan,hindi rin mainam kung ang kapalit ng pagdami ng mga balbal nasalita ay ang pagliit ng populasyong nakakikilala sa tunay na wika na dapat ay sinasalita.

Ang ganitong argument ay sinuportahan ni Contreras (2014) sa kanyang artikulo.Binibigyang-diin niya na tila ang wikang kinagisnan ay ang siya pang patuloy na walang malugaransa dila ng mga mamamayan sa ganitong panahon.Ito ay isang nakalulungkot na konsepto lalo na kung hanggang sa mga susunodna henerasyon ay wala pa ring lugar ang wika sa talasalitaan ng bawat isa.Hindi lamang ito nakalulungkot ngunit nakapanlulumo ito sapagkat habang lumiliit ang kaalaman ng mga tao sakonteksto ng nakagisnang wika ay lumalaki din naman ang puwang para sa iba pang lenggwahe at sa napakarami pang pagbabagong pangwika. Bukod sa Ingles,napakarami na rin sa mga kabataan ngayon ang nahihilig sa salita ng mga Koreano sapagkat iniidolo nila ang mga mang-aawit at mga actor mula sa bansang Korea. Walang mali rito ngunit isang nakalulungko na realidad na tila ba ay may oras ang karamihan upang pag-aralan ang wika ng ibang bansa at walang anumang panahong maaaring ilaan sa pagtuklas ng sariling wika. Animo ito ay pakikialam sa buhay ng may buhay samantalang hindi maayos-ayos ang sariling pamumuhay.

Isa pa sa mga pangunahing rason ayon sa isang grupo ng mga manunulat na pinangungunahan ni Quijote ( 2016 ) ay ang pagiging abala ng bagong henerasyon at paghahati-hati ng atensyon. Dahil dito,nawawala ang pagbibigay ng importansya sa

sariling wika.Hindi nagiging maalam ang iba sa tunay namga konsepto kung saan ang binibigyang-diin ay ang kahalagahan ng sariling wikang sinasalita.

Sa kaparehong artikulo,sinabi ng mga manunulat na ang pinakamalaking salik na nakaaapekto sa kawalan ng pagpapahalaga ng mga kabataan sa wika ay ang teknolohiya. Ang teknolohiya ang isa sa mga naging daan upang mapalawak ang komunikasyon at makilala ng mga tao ang mga konseptong hindi pa sila pamilyar.Nalilibang sila sa mga nilalaman ng iba't ibang portal tulad ng Youtube na kung saan ay nakapapanood sila ng mga palabas na ang wika ay banyaga. Dito rin nila mas napag-aaralan ang mga awitin ng ibang bansa.Mabuti na nga lamang at sa kasalukuyang panahon,umuusbong ang makabagong Original Pinoy Music (OPM ) na nasa wikang Filipino. Malaking tulong ito upang mas mapaunladang bokabularyo ng mga tagapakinig. Ang teknolohiya ay hindi na masasawata pa kaya naman tila isang malaking hamon ang pagpapatibay ng wika sa kabila ng pagkakaroon ng napakaraming nilalamang makikita nang dahil sa salik na ito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang tila unti-unting pagtalikod ng bagong henerasyon sa kinagisnang wika ay isang indikasyong hindi mainam sa pagdinig .Ilan sa mga maaaring maging bunga nito ay ang kawalan ng sariling pagkakakilanlan sapagkat ang wika ang tila binibigkas na bandila,hindi man makita ay isa naman ito sa mga nagsasabi kung ano ang nasyonalidad ng isang indibidwal. Habang yumayabong ang ebolusyong ng wika at habang patuloy sa pakikibaka ang sariling lenggwahe ay mas maging mga magulang ng susunod na henerasyon? Ano ng kanilang maaaring ituro sa kanilang mga anak? Puro Ingles na lang kaya? Hindi ba nakahahalina sa pandinig ang mga batang maliliit ay matatas na sa pagsasalita ng wikang Filipino.Ito ang dapat na trabahuhin sa ngayon at maging tuon ng bawat isa. Hindi dapat mapalitan ng anumang balbal na wika at lenggwaheng banyaga ang wikang pambansa.Hindi kailanman.

*References:*

Kitkatkat (2016).Kahalagahan ng wikang Filipino. Hinalaw noong ika-23 ng Enero mula sa http://myeducationalblogkitkatkat.blogspot.com/2016/09/kahalagahan-ng-wikang-filipino.html

Lacsamana ,P.( 2016). Gaano nga ba kalawak ang kaalaman ng mga millenials sa wikang Filipino?Hinalaw noong ika-12 ng Pebrero mula sa http://aubreylacsamana.blogspot.com /2016/09/gaano-nga-na-kalawak-ang-kaalaman-ng httml.

Quijote, J, Terce, M, Sevilla, N, Agbones, V. ( 2016). Ang wikang Filipino sa Makabagong Panahon.Hinalaw noong ika-13 ng Pebrero mula sa http://vjntwika16.wordpress.com /2016/11/08/ang wikanng filipino-sa-makabagong-panahon-isang-pananaliksik

Contreras, A. ( 2014).Filipino,ang pambansang wikang dapat pang ipaglaban.Hinalaw noong ika-17 ng Pebrero mula sa http://www.gmanetwork.com/news/opinion/content/ 376423/filipino-ang-pambansang-wikang-dapat-pang-ipaglaban/story/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan